

Isang pagsusuri sa Filipino – Tadbalik ng mga mag-aaral St. Louise de Marillac College of Sorsogon

Estera, John Emil

DepEd Sorsogon – Juban National High School, Philippines (ako2emil@gmail.com)

Mendoza, Emmanuel ✉

St. Louise de Marillac College of Sorsogon, Philippines (mendozaemmanuel5056@gmail.com)

Ermitano, Kristine

St. Louise de Marillac College of Sorsogon, Philippines (kristineermitano47@gmail.com)

Ladesma, Mary Joy

St. Louise de Marillac College of Sorsogon, Philippines (ladesmamj47@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 4 March 2023

Revised: 11 April 2023

Accepted: 19 April 2023

Available Online: 19 April 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.22

Abstract

This research aims to determine the popular “Filipino-Tadbalik” words, understand its usage, and identify the difficulties in using these by the students of Saint Louise de Marillac College of Sorsogon. The research used Descriptive Survey with 168 participants from the Education Program. Out of 274 students, the total population was determined through Slovin’s Formula. To determine the total number of participants, random sampling was used. In conclusion, there are various “Filipino-Tadbalik” words that are very popular to the students of SLMCS that are being used in communication. These are evident in their casual conversations with their classmates and friends. The use of “Filipino-Tadbalik” words cause confusions to some in terms of utterance (how they say it) and understanding (what they actually mean) of each word. With this, the following are recommended: (a) the “Filipino-Tadbalik” can be use in communication; in exchanging ideas with classmates and friends; (b) consider the words to use when utilizing these “Filipino-Tadbalik” words and the person you talk to.

Keywords: Filipino-Tadbalik, Filipino language, communication, slang

Isang pagsusuri sa Filipino – Tadbalik ng mga mag-aaral St. Louise de Marillac College of Sorsogon

1. Introduksyon

Ang mga salitang ating ginagamit sa araw-araw sa pakikipag-ugnay sa iba't ibang tao ay may natatanging kakayahan na mapakita ang kultura at panahong kanyang ginagalawan na siyang pinagyaman ng pagkakabuo mula sa malikhaing isipan ng tao.

Ayon nga kay Gravoso (2020) ang bawat tao'y may karapatang magbuo ng mga salita para sa ilan layunin o sa ilalim ng ilang mga pangyayari. Ito ay nag-aambag sa pagpapalit ng wika. Ang mga tao ngayon ay nagbibigay ng bagong kahulugan sa mga salita na mayroon na. May posibilidad silang lumikha ng mga bagong salita mula sa kanilang kagustuhan, damdamin at para sa kasiyahan. Ngunit itong mga bagong likhang salita at ang mga ekspresyon ay mananatili sa tao. Dagdag pa rito ito ay isang wika na maaaring nadaragdagan ng mga bagong bokabularyo bunga ng pagiging malikhain na siyang nakalilikha ng mga bagong salita pananalita (Aldaca at Villarin, 2012).

Kaya't paglaganap ng mga salitang balbal sa modernong panahon ay dulot na rin ng mga sitwasyong pangwikang dinadanas ng tagapagsalita kasangkot ang malikhaing pagpapahayag ng mga kaisipan at mga ideya patungkol sa isang tiyak na paksa. Ang malikhaing pagpapahayag na ito ay sinangkapan ng malikhaing paghahabi ng mga salita sa makabuluhang pamamaraan sa pagbuo ng mga salitang balbal sa iba't ibang henerasyon (Noval, 2021).

Pinatuyan din ito sa apg-aaral na isinagawa nina Deyto at Marbella (2021), sa araw-araw na pakikisalamuha sa iba't ibang uri ng tao lalo na sa mga kabataan ay madalas maririnig sa mga ito ang mga binaliktad, malimit ito maririnig sa mga paaralan, lansangan, at maging sa mga bahay. Ito ay napapanahon sa mga kabataan. Ito ay maaaring magdulot ng kalituhan sa ibang tao lalo na hindi kabilang sa kasalukuyang henerasyon.

Ang mga salitang balbal katulad ng Filipino-Tadbalik o tinatawag ding baliktad-tagalog at back slang sa ingles. Ito ay mga popular sa kasalukuyan. Sapagkat ito ay napapanahon kung kaya't hindi maiwasan na nagagamit ang mga ito sa mga pakikipagtalastasan. Ayon nga sa pag-aaral nina Nacorda at Garma (2022) habang umuusbong ang kulturang popular ay yumayaman rin sa makabagong pananalita at katawagan ang wika. Ito ay dinamiko ay patuloy itong nagbabago at nagdedebelop ng mga bagong salita ayon sa kultura ng lingwistikong komunidad. Malinaw na mainit na niyakap ang umuusbong na kulturang popular na naging basehan sa pagkabuo ng makabagong katawagan na ginagamit nila. Isa sa mga paraan nila upang makabuo ng mga salitang kanilang ginagamit ay sa pamaraan ng pagbabaligtad ng mga ito.

Ang pagbabaligtad ng mga salitang Filipino o Tagalog ay hindi na bago sa ating mga ninuno sa kadahilangang noon pa mang 1930's at 1940's ay kanila na itong ginagamit (Bajo, 2017). Ayon kina Cagalingan et al. (2016), ang mga salitang naimbento sa isang tiyak na panahon ay nakakuha ng diwa ng panahon at nagbibigay-kahulugan sa mga subgroup sa kulturang Pilipino.

Bahagi ng kasaysayan ang Tadbalik ayon kay Igno (2017), ang pagbabaliktad ng salita ay isang istilo ng pananalita na siyang hindi masama at likas na katangian ng wika sapagkat ang wika ay nagbabago sa pagdating ng panahon. Ito rin ay bilang resulta ng pagkamalikhain ng mga Pilipino.

Ang mga nabanggit ay siyang nag-udyok sa mananaliksik upang bigyan pansin at masuri ang mga balbal na salitang nabubuo sa pamamagitan ng pagbabaliktad sa mga usapan at palitan ng mga kuro-kuro ng mga mag-aaral sa St. Louise de Marillac College of Sorsogon. Dagdag pa nito, bibigyan pansin ng mananaliksik ang mga salitang Filipino na siyang nababaliktad tinatawag na Filipino-Tadbalik. Sa ganitong paraan, maisusulong

ang pagkakaunawaan at makadaragdag sa kaalaman sa wikang gamit ng kasalukuyan. Nilayon din ng pag-aaral na ito na masuri ang mga Filipino-Tadbalik na patok na patok sa mga mag-aaral at ginagamit nila sa tahanan, paaralan, at komunidad. Higit sa lahat ang mga suliranin sa paggamit ng Filipino-Tadbalik sa komunikasyo.

1.1 Paglalahad ng suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na (1) matukoy ang mga salitang Filipino – Tadbalik na patok na patok, (2) malaman ang gamit ng mga salitang Filipino – Tadbalik (3) masuri ang suliranin ng paggamit ng Filipino – Tadbalik ng mga mag – aaral sa Saint Louise de Marillac College of Sorsogon.

2. Pamamaraang ginamit

Ang mga kalahok ng pag-aaral ay mula sa programa ng edukasyon na may bilang na 168, ginamit ang Slovin's Formula upang makuha ang kabuuang bilang ng populasyon ng kalahok mula sa 274 na mag-aaral. Random sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagtukoy sa mga kalahok. Deskriptib – Sarbey ang disenyong ginamit sa paglikom ng mga datos na kinailangan sa pag – aaral. Sarbey tseklist ang ginamit para makuha ang mga datos na kailangan at ito ay sinuri at binigyan ng interpretasyon sa pamamagitan ng pagbilang at pagraranggo.

3. Mga natuklasan

Inilahad sa bahaging ito ang interpretasyon sa mga nakalap na datos buhat sa mga kalahok ng pag aaral. Ang mga ito ay binigyan pansin ang mgasalitang Filipino-Tadbalik na patok na patok, ang gamit at mga suliranin sa Filipino-Tadbalik ng mga mag-aaral sa St. Louise de Marillac College of Sorsogon.

3.1 Salitang Filipino – Tadbalik na patok na patok sa kasalukuyan sa mga mag–aaral

Makikita sa talahanayan 1. Ang mga salitang Filipino-tadbalik na patok na patok sa kasalukuyang sa mga mag-aaral. Inilahad ng mananaliksik ng 14 na mga salitang Filipino – Tadbalik na mula sa mga sagot ng mga kalahok na siyang kadalasang ginagamit nila sa kasalukuyan. Ang mga salitang ito ay rinanggro upang matukoy kung alin sa mga ito ang patok na patok sa mga mag-aaral.

Talahanayan 1

Mga Salitang Filipino – Tadbalik na patok na patok sa mga mag–aaral

Filipino - Tadbalik	Kabuuang Bilang	Ranggo
Omsim (mismo)	101	1
Lodi (idol)	93	2
Arat (tara)	76	3
Matsala (salamat)	64	4
Egul (luge)	50	5
Petmalu (malupit)	45	6
Werpa (power)	38	7
Eurt (true)	24	8
Lispu (pulis)	18	9
Rapsa (sarap)	14	10

Ang salitang Filipino – Tadbalik na *Omsim* (mismo) ang siyang nanguna ayon ito sa sagot na 101 mula sa kalahok. Ang salitang *Omsim* o mismo ay milenyal na terminolohiya na tumutukoy sa pagsang – ayon ng isang tao sa bagay – bagay. Ang salitang ito ay madalas magamit ng mga mag-aaral upang ipakita na pareho ang kanilang tinutukoy o iniisip. It orin ay ang pagsang-ayon sa kanilang paksang pinag-uusapan. Hindi lamang sa pakikipagtalastasan nila nagagamit ang ganitong salita kundi pati sa tahanan, komunidad at lalo na sa gawaing paaralan, isang halimbawa nalang ang paggawa ng mga sulatin akademiko ay nahaharuan.

Sumunod ang salitang *Lodi* o Idol, ayon ito sa sagot ng 93 na kalahok. Ang salitang *Lodi* o Idol ay

tumutukoy sa taong magaling na hinahangaan. Ang salitang ito ay madalas na ginagamit sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Kadalasan ito ay ginagamit tuwing ang mga magkakaibigan ay nagbibiruan.

Pangatlo naman sa madalas na gamitin ng milenyals na Filipino – Tadbalik ay *Arat* o Tara at ito ay mula sa 76 na kalahok. Ang salitang Arat o tara ay nangangahulugan ng pagyaya o paghikayat sa isang tao na sumama, maaring sa isang mahalagang okasyon o kahit ano pa man. Ito ay madalas na ginagamit ng milenyal para yayain ang kanilang kaibigan, kaklase at iba pang tao.

Ang Filipino – Tadbalik na *Matsala* o Salamat ang nasa ika – apat na ranggo ayon sa 64 na kalahok na sumagot. Ang salitang Matsala o Salamat ay nangangahulugan ng pagpapahayag ng damdamin ng isang tao na kung saan ay nagbibigay pugay ito o pinahahalagahan niya ang kung ano man ang kanyang natanggap o ibinigay sa kanya. Ito ay maaring tulong, pagkain at maging pagmamahal. Sikat itong gamitin ng milenyal at ito’y kanilang paraan ng pagpapakita ng pasasalamat sa kanilang kapwa.

Sinundan ito ng *Egul o Luge* na nasa ika-5 ranggo, ang terminong ito ay tumutukoy sa kalagayan ng isang tao na kung saan ay maaring hindi maganda ang kaniyang sitwasyon. Mayroong pagkalugi o hindi pantay na kalagayan gaya na lamang sa isang laro nang basketball. Kung mas malakas ang sa kanila ang kalaban ay matutukoy na sila ay lugi at madalas na gamitin ng milenyal ang salitang egul o luge (lugi) kapag alam nilang sila ay nalalamangan.

Ang implikasyon ng lahat ng ito ay ang Filipino – Tadbalik ay malubhang ginagamit ng mga milenyals ngayon, lumalabas sa resulta na marami ang tumatangkilik sa mga Filipino – Tadbalik na salita. Hindi maikakaila na lumitaw at dala – dala ng mga mag-aaral sa pang araw – araw nilang pakikipag komunikasyon kaya nagagamit na nila ito kahit sa pormal na usapan. Kaya unti – unting namamatay ang mga angkop na salitang dapat gamitin sa mga usapan dahil sa pag usbong ng mga bagong salita gaya nang Filipino Tadbalik.

Iba pang mga patok na salitang Filipino-Tadbalik na ginagamit ng mga mag-aaral ay *Petmalu (malupit)*, *Werpa (power)*, *Eurt (true)*, *Lispu (pulis)*, at *Rapsa (sarap)* batay ito sa sagot na 45, 38, 24, 18, at 14 na kalahok ayon sa pagkasunod-sunod.

Ayon sa pag-aaral nina Deyto at Marbella (2021) ang mga salitang Filipino-tadbalik ay patok na patok sa mga mag-aaral mula elementarya hanggang Senior High School. Mapapansin na ang mga salitang ito sa kasalukuyan ay kanilang tanggap na tanggap at gamitin sa pakikipag-usap. Isa ang kanilang kapaligirang ginagalawan sa may malaking rason sa malawakang paggamit ng ganitong uri ng balbal na salita. Sa pag-aaral ni Pradianti (2013) ang mga salitang balbal ay madalas na ginagamit sa mga kabataan. Sila ay may sariling mga salita na gagamitin kapag nakikipag-ugnayan sa kanilang mga kaibigan at ang mga ito ay pananda ng pagkakakilanlan ng mga kabataan sa kanilang istilo ng pag-uusap. Ito ay kanilang nauunawaan at naiintidihan ang totoong kahulugan ng salita. Sinabi ni Gemilasari et. al (2013) na ang mga kabataan ay napaka-malikhain at produktibo. Higit pa rito, ang mga kabataan mahilig gawing payak at baguhin ang kanilang wika upang maging iba sa iba.

3.2 Ang gamit ng mga salitang Filipino – Tadbalik

Inilahad dito ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakuha sa gamit ng mga salitang Filipino-Tadbalik. Makikita sa talahanayan 2 ang gamit ng mgasalitang Filipino-Tadbalik. Ang mga Filipino-Tadbalik ay nagagamit sa komunikasyon sa iba’t ibang pagkakataon.

Ang gamit sa pakikipagtalastasan sa mga kaklase o kaibigan ang nanguna ayon sa 89 mula sa sagot ng kalahok. Ipinapakita lamang nito na mas ginagamit ng mga mag – aaral ang Filipino – Tadbalik na mga salita sa pakikipagtalastasan nila sa kanilang mga kaklase o kaibigan. Sa pagkat hindi sila na aalangan sa kanilang kausap dahil ang mga ito ay kalebel lamang nila.

Talahanayan 2

Gamit ng mga Salitang Filipino – Tadbalik

Gamit	Kabuayang Bilang	Ranggo
Gamit sa pakikipagtalastasan sa mga kaklase o kaibigan	89	1
Dahil sa uso ang tadbalik na salita kaya ginagamit nila ito	84	2
Maging “unique” o kakaiba ang pakikipag – usap sa ibang tao	46	3
Mas nahuhumaling ang mga mag-aaral na gamitin ang mga tadbalik na salita	39	4
Pagpapahiwatig ng saloobin	17	5

Ang balbal ay isang karaniwang uri ng isang impormal na wika (Sun, Zemel, at Xu, 2021). At ayon kay Quispe Reyes (2018) ang impormal na wika ay mas kaswal at malaya. Ginagamit ito kapag nakikipag-usap sa mga kaibigan. Ang tono ng impormal na wika ay mas personal kaysa pormal na wika. Kaya’t mas madalas na ginagamit ito ng mga mag-aaral kapag sila ay nakikipag-usap sa kanilang kapwa mag-aaral dahil malaya silang ipahayag ang kanilang punto o ideya sa isang bagay. Irshad (2022) ang dahilan ng paggamit ng balbal nasalita kapag kasama ang mga kaibigan ay madaling makipag-usap

Ikalawa naman ay dahil sa uso ang tadbalik na salita kaya ginagamit nila ito. Ito ay batay sa 84 bilang ng sumagot ng mga mag-aaral, ginagamit nila ang Filipino – Tadbalik na mga salita dahil sa ito ay uso ngayon. Ito ay upang makisabayan sa napapanahon ngayon bilang mga milenyal. Kinahiligan na itong gamitin bunga ng naimpluwensyahan sila sa paggamit.

Isa sa mga dahilan kaya patok na patok ang mga balbal katulad ng Filipino-Tadbalik sa mga kabataan dahil ang mga ito ay kadalasang ginagamit sa mg *social media*. Nagsimulang gamitin ang bablbal na salita sa *social media* at patuloy na lumaki hanggang ngayon ay ginagamit na rin ito sa pang-araw-araw na buhay (Irshad, 2022). Ayon kay Winarto (2019) sa ngayon, ang internet ay ginagamit at laganap sa buong mundo. Ang wika, isa sa mga aparato ng komunikasyon, ay nagbabago rin. Ang mga taong gumagamit ng internet ay may posibilidad na lumikha ng kanilang sariling wika.

Maging “Unique” o kakaiba ang pakikipag – usap sa ibang tao ay nasa ikatlong ranggo na mga salita, isa itong paraan upang maging kakaiba ang paraan ng kanilang pakikipag usap o pakikipag ugnayan sa ibang tao. “Unique” o bago ang estilo nang kanilang pakikipag usap gamit ang Filipino – Tadbalik. Ito ay nakakuha ng 46 na sagot mula sa mga kalahok kaya ito ay nakakuha ng ikatlong ranggo.

Ayon kay Aprizal Fahmi (2018) sa pag-aaral ni Ito ay isang hindi pormal na wika na kilala bilang isang wikang Balbal. Ito ay isang uri ng kulay sa isang wika dahil kakaiba ang balbal. Sinabi ni Battistella (2005) na “bilang natatangi at bihirang wika ang balbal na may mga katangian mismo na nagpapaiba”.

3.3 Suliranin ng paggamit ng Filipino-Tadbalik

Makikita sa talahanayan 3 ang mga suliranin ng paggamit ng Filipino-tadbalik . malinaw na may mgasuliranin pa ring kinakaharap ang mga mag-aaral sa kolehiyo sa kanilang paggamit at pag-unawa sa mga salitang Filipino-tadbalik.

Talahanayan 3

Suliranin ng Paggamit ng Filipino – Tadbalik

Suliranin	Bilang ng Kalahok	Ranggo
Nagbibigay kalituhan sa pagbigkas at pag-intindi ng salita	103	1
Nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan sa pakikipagtalastasan	99	2
Nagkakaroon ng di pagkakaunawaan sa mga salitang binibigkas	76	3
Nagdudulot ng hindi magandang reaksyon mula sa ibang taong kausap	55	4
Nagiging hadlang sa pakikipagtalastasan	35	5

Ito ay nagbibigay kalituhan sa pagbigkas at pag-intindi ng salita na may sagot na 103 mula sa mag-aaral

sapagkat maraming mga salita ang mahirap bigkasin sapagkat ito’y baliktad. Ang paggamit ng Filipino Tadbalik ay hindi maiwasan ang kalituhan, marami ang mga salita na wari’y kay hirap bigkasin at baliktarin, sa unang tunog hindi mo kaagad maiintindihan. Pangalawa ang Nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan sa pakikipagtalastasan na may 99 na sagot mula sa mag-aaral. Sa pakikipag-usap sa kapwa ay madalas na nangyayari ang hindi pagkakaintindihan o kalituhan lalo na kapag mga balbal na salita ang ginagamit na salita sa halip na mga pormal. Bunga nito ang hindi pagkakaunawaan sa pakikipagtalastasan.

Pangatlo naman ay nagkakaroon ng di pagkakaunawaan sa mga salitang binibigkas na may sumagot na 76 na mag-aaral. Madami ang mga Filipino-Tadbalik na salita na mahirap unawain halimbawa na lamang ng salitang matsala o salamat na nangangahulugan nang pagpapasalamat. Nagiging mas mahirap intindihin ang mga salitang binibigkas ng pabaliktad na nagiging dahilan nang di pagkakaunawaan. Ika-apat ito ay nagdudulot ng hindi magandang reaksyon sa ibang taong kausap. Hindi kaaya – aya na gumamit ng balbal na salita lalo na kapag makikipag - usap sa ibang tao kung saan ay nagdudulot ito ng hindi magandang reaksyon o feedback mula sa taong kinausap. At ang Ika – lima ay *nagiging hadlang sa pakikipagtalastasan*. Sa paggamit ng mga balbal na salita gaya ng Filipino – Tadbalik na salita ay nagiging daan ito upang magkaroon ng hindi pagkakaunawaan o kalituhan, kapag nagkaroon ng hindi pagkakaintindihan ay nagiging hadlang lamang ito sa pagkakaroon ng maganda at malinaw na pakikipagtalastasan o pakikipag-ugnayan sa kapwa nito.

Ayon sa pag-aaral ni Rosales (2010) mapanghamon ang mga suliranin sa pagpapaunlad sa wika, sapagkat napakaraming balakid ang susuungin upang pagyamanin ang isang wika. Ang ilang mga salitang balbal ay bago at maaaring hindi ito kilala ng ibang henerasyon. Ang paggamit ng mga salitang ito ay maaaring makapigil sa pag-uusap.

4. Kongklusyon at rekomendasyon

Ang naging kongklusyon ay maraming iba’t ibang Filipino-Tadbalik na salita na siyang patok na patok sa mga mag-aaral sa SLMCS na siyang ginagamit sa komunikasyon. Ang gamit ng Filipino-Tadbalik ay sa pakikipag-usap o pakikipagtalastasan sa mga kaibigan o kaklase. Ang paggamit ng Filipino-Tadbalik ay nagkakaroon ng kalituhan lalo na sapagbigkas at pag-iintindi sa mga salita. Ang paggamit nito lalo na sa loob ng paaralan at pakikipagtalastasan sa oras ng klase ang mga mag-aaral ay malayang napapahayag ang kanilang ideya at saloobin sa isang paksang tinatalakay.

Inirerekomenda ang sumusunod; Ang mga Filipino-Tadbalik ay maaaring magamit sa pakikipagkapwa at pakikipagpalitan ng ideya sa mga kaibigan o kaklase. Maging mapali sa salitang gagamitin ayon sa taong kausap. Ang pagkakaroon ng malawakang pagbabahagi ng impormasyon sa pamamagitan ng mga palihan at seminar na paksain ang gamit ng Filipino-Tadbalik sa pagtuturo at komunikasyon. Ang mga palihan at seminar na ito ay magkakaroon ng malaking ambag sa edukasyon lalo na sa mga guro upang maunawaan at maintindihan ang mga ideya ng mga mag-aaral.

5. Talasanggunian

- Aldaca, B. B. & Villarin, I. J. (2012). *Communication in Filipino academics: reference and book of exercises in Filipino I, tertiary level [Komunikasyon sa akademikong Filipino: batayan at sanayang-aklat sa Filipino I, antas-tersyarya]*. Maxcor Publishing House Inc.
- Aprizal Fahmi, A. F. (2018). *A descriptive analysis of slang used by the player in defense of the ancient* 2 (Doctoral dissertation, Universitas Mataram).
- Bajo, A. F. (2017). *GMA News Online*.
<https://dailydoseofdonxx.blogspot.com/2017/10/bakit-patok-ang-mga-salitang-lod.html>
- Battistela, E. L. (2005). *Bad language: Are some words better than others*. New York: Oxford University Press.
- Gemilasari, N., Jufriзал, & Hafizh, M. A. (2013). An analysis of word formation of slang words found in. *English Language and Literature E-Journal*, 3, 142–148.

- Gravoso, A. P. (2020). Coined words and expressions in informal oral communication. *International Journal of Current Research*.
<https://journalcra.com/article/coined-words-and-expressions-informal-oral-communication>
- Irshad, H. (2022). *An investigation into the requirement of communicative competence in the usage of slang*.
- McFarland, C. D. (2004). The Philippine language situation. *World Englishes*, 23(1), 59-75.
- Nacorda, R. F., & Garma, J. (2022). Forda Ferson: Implikasyon sa umuusbong na kulturang popular. *International Journal of Research Studies in Education*, 12, 7-13. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.371>
- Noval, A. (2021). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri. *International Journal of Research Studies in Education*, 10, 1-12.
<https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069>
- Pradianti, W. (2013). The use of slang words among junior high school students in everyday conversation (A case study in the ninth grade students of a junior high school in Bandung). *Passage*, 1(1), 87-98.
- Quispe Reyes, A. N. (2018). *Expresiones formales e informales que permiten iniciar, mantener y terminar diálogos y conversaciones en situaciones diversas*.
- Rosales, A. C. (2010). Ang paggamit ng wikang Filipino: Hamon sa lahat ng Pilipino. *CA Research Journal*, 1(1). Retrieved from <http://ejournals.ph/form/cite.php?id=84>
- Sun, Z., Zemel, R., & Xu, Y. (2021). A computational framework for slang generation. *Transactions of the Association for Computational Linguistics*, 9, 462-478.
- Winarto, E. R. (2019). Modelling abbreviation in internet slang: a Comparison Study of Indonesian Internet Slang and English Internet Slang. *ETERNAL (English Teaching Journal)*, 10(2).

